**INTERNATIONAL NAPASA　( January 6th 2026 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG NOBYEMBRE SA LOOB NG SIYUDAD

11月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Nobyembre ay nagkaroon ng kabuuang 41 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Shinomiya na may 6 kaso, 5 kaso sa Beniyacho at 4 na kaso sa Amanuma. At tag-3 kaso naman sa Ookami at Yaezakicho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 10 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na lugar ng Tamura na may 3 kaso at sa Yokouchi na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)UKOL SA PARADA NG FIRE BRIGADE　SA HIRATSUKA CITY SA BAGONG TAON

平塚市で行われる“消防出初式”のおしらせ

Sa January 11 ay isasagawa ang programa na “***PARADA NG FIRE BRIGADE SA UMPISA NG TAON”*** sa Hiratsuka no Harappa sa Sogo Koen. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 11:45 ng tanghali. May ekhibisyon ng truck ng Fire Pump, Fire ladder truck at Chemical fire engine. At magkakaroon din ng tradisyonal ng kantang pangmanggagawa, pag-akyat sa Fire ladder truck at parada ng truck ng bombero. Ang pinaka-pangunahing atraksiyon dito ay ang 10 Small powerful pump at ang sabay-sabay na pagbuga ng tubig mula sa Fire truck ladder. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring tumawag sa ***FIRE DEPARTMENT (SHOUBOU SOUMU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9725 (0463-21-9725).**

## 3)SPORTS LESSON SA BANYU FUREAI PARK

馬入ふれあい公園でのスポーツ教室のおしらせ

Sa January 18 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SPORTS LESSON*** sa Banyu Fureai Park. Mula 9:00 hanggang 10:30 ng umaga ay magkakaroon ng ***RHYTHM DANCE LESSON*** sa Hiratsuka Sunlife Arina. Ang mga maaaring makalahok ay 20 mga batang hanggang grade III.　Dito ay kinakailangan ang indoor sports shoes. At mula 10:30 ng umaga hangang 12:00 ay magkakaroon ng ***WALKING LESSON PARA SA KALUSUGAN.*** Dito ay makakalahok ang 50 taong may edad na 50 pataas. Para sa mga taong gustong makilahok ay makikita ang mga kondisyon sa pag-aapply sa Web site ng ***Banyu Fureai Park***.

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA LEKTURA PARA SA KALUSUGAN

健康講座のお知らせ

Sa January 31 (Saturday), ay magkakaroon ng pagpapaliwanag ukol sa ***KANSER SA BAGA AT RESPIRATORY SYSTEM*** mula 2:00 ng hapon hanggang 4:00. Ang lugar ay sa Health Center sa Higashi Toyoda. Makakalahok dito ang naunang 80 katao. Para sa pagre-rehistro ay tumawag sa Hiratsuka City ***MEDICAL ASSOCIATION (ISHI KAI).*** Telephone No. **0463-52-0355 ( 0463-52-0355 )**.

## 5)POSTER EXHIBITION PARA SA INTERNATIONAL UNDERSTANDING AT INTERNATIONAL COOPERATION

国際理解と国際　協力　のためのポスター展示会のお知らせ

Mula a January 6 (Tuesday) hanggang January 12 (Monday) ay magkakaroon ng ekhibisyon ng mga poster na gawad parangal sa mga obra para sa International Understand at International Cooperation sa Museum ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 9:30 hanggang 4:50 ng hapon, subalit sa petsa ng ika-6 ng Enero ay magsisimula mula 1:00 ng hapon at sa ika-12 ng Enero ay hanggang 12:00 ng tanghali lamang. Para sa mga katanungang ay makipag-ugnayan sa ***CULTURAL EXCHANGE SECTION*** ng Hiratsuka City. **Telephone No. 0463-25-2520 (0463-25-2520) .**

## 6)INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALIWANAG SA PAGPASOK SA

小学校の入学説明会のお知らせ

Mula January 13 (Thursday) hanggang February 9 ay magkakaroon ng pagpapaliwanag sa bawat paaralan sa mga magulang ng mga batang papasok ng Elementarya ngayong taon ng Abril. At dito ay hindi na kinakailangang pang magpareserba sa pagdalo sa pagtitipon na ito.

Para sa iba pang mg detalye ukol sa pagpapaliwanag sa bawat paaralan, petsa at oras ay makipag-ugnayan sa Board of Education Section. ***BOARD OF EDUCATION SECTION (GAKUMU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-35-8118 (0463-35-8118).**